

County ng Santa Clara

Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Antas
San José, CA 95126
408.792.5040



- Mandatoryang Direktiba para sa mga Programang Paglilingkod sa Mga Bata o Kabataan

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estadong tiyak na patnubay para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mandatoryang direktiba na ito.

Inilabas: Hulyo 13, 2020

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

Nalalapat ang Direktibang ito sa lahat ng mga negosyo,¹ kasama na ang mga indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo, na nagbibigay ng mga personal na programa, aralin, aktibidad, at/o libangan lalo na para sa mga menor de edad na mas bata sa 18 taong gulang ("Mga Programang Paglilingkod sa mga Bata o Kabataan" o "Programa"), bayad man o libre, nang isang-beses o paulit-ulit na batayan. Kasama dito, ngunit hindi limitado sa, mga programang pangangalaga ng bata; preschool; mga paaralan sa summer; mga programang afterschool; mga sentro ng pagpapayaman sa akademiko; mga klase ng sayaw; mga aralin sa musika; organisadong mga aktibidad ng libangan at atleta para sa mga bata at kabataan, kabilang ang mga kampo, aralin, kasanayan, at kumpetisyon; at anumang iba pang mga programa, aralin, aktibidad, o libangan para sa mga bata o kabataan. **TANDAAN: Ang ilan sa mga aktibidad na ito (hal., mga programang pampalakasan ng kabataan) ay kasalukuyang sumasailalim sa mas mahigpit na mga kinakailangan na ipinataw ng Estado ng California. Siguraduhing kumunsulta sa lahat ng naaangkop na mga kinakailangan sa Estado.**

Ang Direktibang ito ay hindi nalalapat sa regular na pagtuturo na ibinigay ng mga paaralan ng K-12; ang pangangalaga sa bata na ibinigay sa mga bata mula sa iisang sambahayan sa sariling

¹Para sa mga layunin ng Direktibang ito, ang salitang "negosyo" ay dapat na tinukoy sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara na Nagtatatag ng Mandatoryang Pamamaraan sa Pagbawas ng Panganib na Naaangkop sa Lahat ng mga Aktibidad at Sektor upang Tugunan ang Pandemyang COVID-19, na inilabas noong Hulyo 2, 2020.

tahanan ng mga bata (halimbawa, isang babysitter o nanny); pagtuturo sa mga kolehiyo at unibersidad lalo na para sa mga estudyanteng may sapat na gulang; at mga programa na nagbibigay ng mga internship, apprenticeships, o trabaho para sa kabataan ngunit hindi ito partikular na nagsisilbi sa mga menor de edad.

Bilang karagdagan, ang Direktibang ito ay hindi nalalapat sa mga pasilidad na nagsisilbi sa mga bata o kabataan ngunit ipinagbabawal ng Kautusan mula sa pagbubukas, kasama ang mga parke ng libangan, parke ng tema, panloob na mga palaruan at mga sentro ng libangan (tulad ng mga bounce center, ball pit, at laser tag), at anumang iba pang mga negosyo o pasilidad na tinukoy ng Opisyal ng Pangkalusugan ay dapat na sarado.

Ipinaliwanag ng Direktibang ito kung paano maaaring magpatakbo ang Mga Programang Paglilingkod sa mga Bata o Kabataan. **Ang Direktibang ito ay mandatory. Ang kabiguang sundin ang Direktibang ito ay isang paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara Nagtatatag ng mga Mandatoryang Pamamaraan ng Pagbabawas ng Panganib na Naaangkop sa Lahat ng mga Aktibidad at Sektor upang Tugunan ang Pandemyang COVID-19, na inilabas noong Hulyo 2, 2020 ("Kautusan").** Dapat kayong sumunod sa Kautusan at sa lahat ng mga kinakailangan sa itong Direktiba.

Ang Kautusan

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao:** Dapat magkumpleto at magsumite ang lahat ng mga negosyo ng pinakabagong bersyon ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao sa County gamit ang online form, makukuha [dito](#). Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugang dapat na ang lahat sa form ay kumpleto at tumpak sa abot ng kaalaman ng pumipirma. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan. Responsable ang mga negosyo sa pagtiyak na maunawaan at sanay ang mga manggagawa sa mga kinakailangan ng Protokol sa isang wika na naiintindihan nila.
- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at dapat na mai-post ang pareho na madaling makikita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay magagamit para sa pag-print pagkatapos ng pagsusumite sa online ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao.
- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang bawat isa sa pasilidad ng negosyo o lugar ng trabaho ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban sa mga maliliit na bata, ang mga tao na hindi marapat na medikal ang mga panakip sa mukha, o para sa

komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig). Kung ang isang indibidwal ay hindi komportable o nahihirapan sa paghinga habang nag-ehersisyo na may panakip sa mukha, dapat ihinto agad ng indibidwal ang aktibidad. **Inilarawan ng Direktibang ito ang isang limitadong pagbubukod sa mga kinakailangan ng mga panakip sa mukha na naaangkop lamang sa ilang mga pasilidad at aktibidad.**

- **Limitasyon ng Densidad:** Sa ilalim ng Kautusan, ang lahat ng mga negosyo ay dapat limitahan ang bilang ng mga tao na maaaring nasa loob ng pasilidad nang sabay. Para sa mga miyembro ng kawani, ang limitasyon ay 1 tao bawat 250 na kabuuang talampakang kuwadrado ng espasyo sa pasilidad (nangangahulugan ito ng kabuuang espasyo, kabilang ang mga lugar na bukas lamang sa mga kawani tulad ng mga silid ng imbakan). Para sa mga kliyente, ang limitasyon ay 1 tao bawat 150 na talampakang kuwadrado ng espasyo na bukas sa publiko. Tinutukoy ng mga kinakailangan ng densidad sa mga negosyo kung gaano karaming mga tao (kawani o mga kliyente) ang maaari nilang ipasok bago umalis ang ibang tao. Sa lahat ng mga pasilidad, ang mga batang wala pang 12 taong gulang na kasama ng isang magulang/tagapag-alaga ay hindi binibilang laban sa limitasyon. **Sa mga pasilidad na ginagamit ng mga Programa na naglilingkod sa mga bata o kabataan, ang mga batang wala pang 12 taong gulang ay hindi nabibilang laban sa limitasyon. Gayunpaman, ang sinumang may edad na 12 pataas, kabilang ang mga bata/kabataan sa Program, ay mabibilang sa limitasyong ito.**

Tingnan ang [Kautusan](#) at ang [pahina ng FAQ](#) para sa karagdagang mga detalye.

Mga Programang Paglilingkod sa mga Bata o Kabataan

Para sa mga Programang Paglilingkod sa Mga Bata o Kabataan, ang mga pangkalahatangkinakailangan sa ilalim ng Kautusan ay pupunan at/o binago ng mga sumusunod na direktiba.

1. Densidad sa mga Panloob na Pasilidad:

Ang mga bata/kabataan na wala pang 12 taong gulang ay hindi mabibilang laban sa limitasyon ng densidad sa Seksyong 12.d ng Kautusan; gayunpaman, ang mga bata/kabataan na may edad 12 pataas ay dapat mabilang laban sa limitasyon ng densidad. Anuman ang edad, dapat na limitahan ng mga negosyo ang bilang ng mga tao sa pasilidad sa isang numero na nagbibigay-daan sa mga tao na madaling mapanatili ang anim na talampakan ng distansya mula sa isa't isa. Ang lahat ng mga negosyo ay hinihikayat na ilipat ang maraming mga aktibidad sa labas hangga't maaari.

2. Ang Lahat ng mga Programa ay Kailangang Panatilihin ang Matatag na mga Grupo ng mga Bata/Kabataan at Tauhan:

- a. Ang mga bata/kabataan na edad na sero hanggang lima ay dapat italaga sa mga matatag na pangkat na kasing liit ng praktikal, at ang mga grupo ay maaaring magsama ng hindi hihigit sa 24 na mga bata/kabataan bawat pangkat. Ang

limitasyong ito ng 24 na bata ay hindi kasama ang mga tauhan.²

- b. Ang mga bata/kabataan na 6 taong gulang o mas matanda ay dapat na italaga sa mga matatag na pangkat na kasing liit ng praktikal, at maaaring isama ng mga grupo ang hindi hihigit sa 12 bata/kabataan bawat pangkat. Ang limitasyong 12-bata na ito ay hindi kasama ang mga tauhan. Ang paglilimita sa laki ng pangkat sa 12 para sa mga Programa para sa mga batang nasa edad na paaralan ay tumutulong na mapanatiling mas maliit ang kanilang kabuuang mga pakikipag-ugnay na ang mga bata na nasa edad na ng paaralan ay bahagi din ng mga matatag na grupo na batay sa paaralan.
 - c. Ang mga bata/kabataan ay hindi lilipat mula sa isang pangkat patungo sa isa pa; kung, gayunpaman, na ang mga bata/kabataan na mula sa isang pangkat na batay sa edad ay maaaring lumipat sa susunod na naaangkop na pangkat na batay sa edad.
 - d. Ang mga programa ay dapat limitahan, sa abot ng makakaya, ang bilang ng mga pangkat ng mga bata na kung saan ang bawat miyembro ng mga tauhan nito ay direktang makipag-ugnay. Binabawasan nito ang panganib ng pagkakatatag, at binabawasan din ang bilang ng mga tauhan at mga bata/kabataan na kailangang magpasuri at mag-kuwarentian kung ang isang tao sa Programa ay nasuring positibo para sa COVID-19.
 - e. Ang mga bata/kabataan at tauhan mula sa parehong mga sambahayan ay dapat italaga sa parehong mga grupo, hangga't maaari.
 - f. Ang paglahok ng magulang ay hindi pinapayagan sa oras na ito upang mabawasan ang bilang ng mga matatanda na malapit na pakikipag-ugnay sa mga bata/kabataan at tauhan. Gayunpaman, pinahihintulutan ang mga tauhan na magpatala ng kanilang mga anak sa mga Programa na kanilang pinagtatrabahuhan.
3. *Ang mga bata/kabataan ay maaaring lumahok sa isang Programa lamang sa isang oras, at maaaring hindi lumipat mula sa isang Program patungo sa isa pang higit sa isang beses bawat 3 linggo.*

Nangangahulugan ito na:

- a. Ang mga bata/kabataan ay hindi maaaring dumalo ng higit sa isang programa ng pangangalaga sa bata, programa pagkatapos ng paaralan, o iba pang aktibidad ng bata/kabataan sa loob ng parehong tatlong linggong panahon.
- b. Para sa mga bata/kabataan na nakatala sa paaralang K-12, nangangahulugan ito na

²Para sa mga layunin ng Direktibang ito, ang salitang "tauhan" ay dapat na tinukoy sa Kautusan.

maaari silang pumasok sa paaralan at isang karagdagang aktibidad o programang bago o pagkatapos ng paaralan.

- c. Ang mga programa ay responsable sa pagpapanatili ng mga tala sa pagpapatala at pagdalo, at dapat i-patunay ang pagsunod ng mga pamilya sa mga paghihigpit na ito hangga't maaari.

4. *Pagtatala ng mga Rekord*

- a. Ang mga programa ay dapat mapanatili ang mga talaan ng mga tauhan at mga kalahok na itinalaga sa bawat matatag na pangkat, anumang pagbabago sa mga takdang iyon, at ang mga petsa ng gayong mga pagbabago.
- b. Ang mga programa ay dapat mapanatili ang mga talaan ng pagdalo pang-araw-araw para sa mga tauhan at kalahok.
- c. Ang mga programa ay dapat subaybayan at i-dokumento ang mga insidente ng posibleng pagkakalantad.
- d. Ang lahat ng mga rekord na kinakailangan upang mapanatili ng Direktibang ito ay dapat manatili ng hindi bababa sa 1 buwan upang payagan ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County na magsagawa ng imbestigasyon ng kaso at pagsubaybay ng nakipag-ugnay kung ang isang kaso ng COVID-19 o malapit na pakikipag-ugnay ay nakikilala na may kaugnayan sa Programa.

5. *Mga Panakip sa Mukha*

- a. Ang lahat ng mga tauhan ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa trabaho. Kung ang sinumang tauhan ay hindi nakasuot ng panakip sa mukha para sa mga medikal na kadahilanan, hindi sila papayagang magkaroon ng direktang pakikipag-ugnay sa mga bata/kabataan.
- b. Lahat ng mga adulto na nagsusundo o naghahatid ng mga bata/kabataan ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha.
- c. Ang mga batang edad 2 hanggang 5 ay hindi kailangang magsuot ng mga panakip sa mukha kapag nakikipag-ugnay lamang sa mga bata sa loob ng kanilang matatag na grupo.
- d. Ang mga batang edad 6 hanggang 11 ay dapat na mariing hinihikayat, ngunit hindi kinakailangan, na magsuot ng mga panakip sa mukha sa loob ng kanilang matatag na grupo.
- e. Ang mga bata/kabataan na edad 12 pataas ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras.

- f. Ang mga panakip sa mukha ay hindi kinakailangan para sa (1) mga batang wala pang 2 taong gulang; (2) sinumang may problema sa paghinga o walang malay, walang kakayahan, o kung hindi matatanggal ang panakip sa mukha nang walang tulong; (3) mga bata/kabataan na may mga espesyal na pangangailangan na hindi kayang tiisin ang isang panakip sa mukha; (4) ang anumang iba pang mga indibidwal na pinapayuhan ng isang propesyonal ng healthcare na hindi dapat magsuot ng panakip sa mukha dahil mayroon silang isang kondisyong medikal na gagawing mapanganib ang pagsuot ng panakip sa mukha; (5) sinuman sa oras na sila ay kumakain, umiinom, o tumugon sa isa pang pangangailangan na pang-biyolohiya na nangangailangan ng pag-tanggal ng panakip sa mukha; (6) para sa komunikasyon ng o sa isang taong may kapansanan sa pandinig; (7) kapag ang mga bata/kabataan ay aktibong nag-eehersisyo sa labas kung sila ay mananatiling hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa iba sa lahat ng oras; at (8) kapag nakikibahagi sa mga aktibidad kung saan ang pagsuot ng panakip sa mukha ay maaaring magdulot ng panganib. Bilang karagdagan, ang mga bata/kabataan ay maaaring tanggalin ang kanilang panakip sa mukha para sa isang maikling panahon kung nakakaranas sila ng kahirapan sa pagsusuot ng kanilang panakip sa mukha.

6. *Pagdistansya Mula sa Ibang Tao*

- a. Ang mga magulang o ibang indibidwal na bumababa o kumukuha ng mas matatandang mga bata o kabataan sa pamamagitan ng kotse ay dapat hinikayat na manatili sa kanilang mga sasakyan hangga't maaari. Kung kinakailangan ang pagsundo o paghatid, isang solong indibidwal lamang ang dapat magsundo o maghatid ng bata/kabataan. Dapat isaalang-alang ng mga programa ang pagpapahintulot sa mga magulang o iba pang mga indibidwal na sunduin o i-hatid ang mga bata/kabataan sa pasukan ng pasilidad ng Programa, kung mayroon man, sa halip na payagan silang makapasok sa pasilidad.
- b. Ang mga matatag na grupo ay dapat i-hiwalay mula sa bawat isa (kung sa loob, sa iba't ibang mga silid o, kung sa labas o sa napakalaking panloob na mga espasyo, hindi bababa sa 25 talampakan sa pagitan).
- c. Sa loob ng kanilang matatag na mga grupo:
- i. Ang mga bata/kabataan na edad 12 pataas: ang mga bata/kabataan ay dapat mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ng distansya mula sa ibang mga bata/kabataan sa lahat ng oras, at ang mga tauhan ay dapat mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan mula sa mga bata/kabataan sa lahat ng oras.
- ii. Ang mga batang edad 6 hanggang 11: ang mga bata ay hindi kailangang mapanatili ang distansya mula sa isa't isa sa loob ng kanilang matatag na pangkat, ngunit dapat mapanatili ng mga tauhan ng hindi bababa sa anim

na talampakan ang distansya mula sa mga bata sa lahat ng oras hanggang sa pinakamadaling posible.

- iii. Mga batang edad 0 hanggang 5: Ang mga bata at tauhan ay maaaring makipag-ugnay sa pisikal na pakikipag-ugnay kung kinakailangan sa mga pangangailangan ng mga batang wala pang edad 6.
 - iv. Ang lahat ng mga tauhan ay dapat mapanatili ang hindi bababa sa 6-talampakang distansya mula sa lahat ng iba pang mga tauhan.
 - v. Ang mga programa sa pagtuturo ng mga klase sa mga panloob na lokasyon ng silid-aralan ay dapat magtalaga ng mga matatag na kaayusan ng pag-upo para sa mga bata/kabataan, kung naaangkop, upang matiyak na ang mga malapit na pakikipag-ugnay sa loob ng mga matatag na grupo ay mapaliit at madaling matukoy.
- d. Ang mga programa ay dapat magsagawa ng mga pagpupulong/pagsasanay para sa mga tauhan nang malayuan kung magagawa. Kung ang mga pagpupulong/pagsasanay para sa mga tauhan ay dapat maganap nang personal, gaganapin ang mga pagpupulong/pagsasanay sa labas, kung magagawa, at tiyakin na ang lahat ng mga tauhan ay maghiwalay nang hindi bababa sa 6 na talampakan sa lahat ng oras.

7. *Mga Limitasyon sa mga Paglalakbay at mga Espesyal na Kaganapan:*

- a. Ang mga programa ay maaari lamang gumawa ng mga paglilibot para sa mga bisita sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:
 - i. Ang mga paglilibot ay limitado sa dalawang mga bisita bawat paglilibot, at dapat na maikli hangga't maaari.
 - ii. Kailangang hugasan ng mga bisita ang kanilang mga kamay o gumamit ng sanitizer ng kamay sa pagdating at magsuot ng tela na panakip sa mukha para sa buong panahon ng paglilibot.
 - iii. Ang mga bisita ay dapat mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan o higit na distansya mula sa mga tauhan. Ang mga bisita ay hindi maaaring pumasok sa anumang silid na may mga bata/kabataan na naroroon at, kung ang mga bisita at bata/kabataan ay nasa labas, dapat panatilihin ng mga bisita ang hindi bababa sa 25 talampakan mula sa mga bata/kabataan.
- b. Ang mga programa ay maaaring hindi mag-host ng mga espesyal na kaganapan na may higit sa isang matatag na pangkat na lumalahok sa isang oras o sa anumang mga dadalo na hindi bahagi ng pangkat (halimbawa, mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan). Kasama sa mga espesyal na kaganapan, ngunit hindi limitado sa,

mga pagtatanghal, pag-alaala, parada, at mga partido.

8. *Kalinisan, Paglilinis, at Iba pang mga Pamamaraan*

- a. Ang mga programa ay dapat mabawasan ang pagbabahagi ng mga materyales hangga't maaari, at ang anumang mga laruan/materyales na ginagamit ng maraming mga bata ay dapat linisin sa pagitan ng paggamit. Ang mga programa ay dapat limitahan ang paggamit ng mga gamit at kagamitan sa isang pangkat ng mga bata/kabataan sa isang oras at linisin at disimpektahin sa pagitan ng mga paggamit alinsunod sa gabay ng CDC.
- b. Ang mga programa ay dapat bawasan ang pakikipag-ugnay ng mga kawani at bata/kabataan sa mga madalas-hinahawakan na ibabaw (halimbawa, pagbukas ng mga pintuan) hangga't maaari.
- c. Araw-araw, at mas madalas kung magagawa, linisin at disimpektahin ang madalas na hinahawakan na mga matitigas na ibabaw (halimbawa, mga lamesa, mga mesa, upuan, mga hawakan ng pinto, mga switch ng ilaw, mga telepono, makina ng kopya/fax, mga ibabaw sa banyo (kubeta, ibabaw ng counter, gripo), bukal ng tubig, at kagamitan sa palaruan) at ibinahaging mga bagay (laruan, laro, suplay ng sining, libro) alinsunod sa gabay ng CDC. Tingnan:
 - i. [Paglilinis at Pagdidisimpekta ng Inyong Pasilidad](#)
 - ii. [Patnubay para sa Pagbukas sa Paglilinis at Pagdidisimpekta ng mga Publikong Espasyo, mga Lugar ng Trabaho, Negosyo, Paaralan, at Bahay](#)
- d. Ang mga programa ay dapat magturo at magpapatibay ng wastong pamamaraan sa paghuhugas ng kamay; pag-iwas sa pakikipag-ugnay sa isang mata, ilong, at bibig; at tinatakpan ang mga ubo at pagbahing.
- e. Ang mga programa ay maglalagay ng sapat na mga gamit upang suportahan ang malusog na pag-uugali sa kalinisan, kabilang ang sabon, mga tisyu, mga walang-hipo na basurahan, mga panakip sa mukha, at sanitizer ng kamay (na may hindi bababa sa 60 porsyento na etil alkohol) para sa mga tauhan at bata/kabataan.
- f. Dapat masiguro ng mga programa ang mga bata/kabataan na hugasan ang kanilang mga kamay o gumamit ng sanitizer ng kamay sa pagdating, pagkatapos gamitin ang banyo, pagkatapos maglaro sa labas, bago at pagkatapos kumain, at pagkatapos ng pag-ubo o pagbahing. Ang mga nakagawiang ito ay dapat tiyakin na naaangkop na distansya sa pagitan ng mga bat/kabataan.
- g. Ang mga programa ay dapat dagdagan ang sirkulasyon ng hangin mula sa labas (halimbawa, sa pamamagitan ng pagbukas ng mga bintana at pintuan) hanggang sa magagawa, maliban kung ang paggawa nito ay magdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan sa mga indibidwal na gumagamit ng pasilidad

(hal., pumapasok ang usok o pagpalala ng hika o mga sintomas ng alerhiya).

- h. Ang mga programa na may maraming mga matatag na grupo ay dapat gumawa ng oras ng paglalaro sa labas o aktibidad sa mga nakahiwalay na lugar na itinalaga ng pangkat at/o napaisa-isa sa buong araw. Ang mga programa ay dapat na limitahan ang paggamit ng mga ibinahaging kagamitan sa palaruan na pabor sa mga pisikal na aktibidad na nangangailangan ng mas kaunting pakikipag-ugnay sa mga ibabaw at payagan ang higit na pisikal na pagdistansya.
- i. Ang mga programa ay dapat magsilbi ng pagkain nang paisa-isang nasa plato o nasa isang bag.
- j. Hindi papayagan ng mga programa ang pagbabahagi ng mga pagkain at kagamitan at buffet o mga pagkaing istilo ng pamilya.

9. *Pagusbaybay ng Kalusugan*

- a. Ang mga programa ay dapat hikayatin ang mga tauhan na magpasuri nang isang beses bawat apat na linggo.
- b. Kinakailangan ng mga programa ang pang-araw-araw na pagsubaybay ng sintomas ng COVID-19 para sa lahat ng mga tauhan at kalahok ng Programa, sa lokasyon at/o bago dumating. Ang Larawan 1, sa ibaba, ay nagbibigay ng isang halimbawang pagsubaybay ng kalusugan.
- c. Ang mga programa ay dapat ding mag-post ng mga palatandaan sa lahat ng mga pasukan na nagtuturo sa mga bata/kabataan, tauhan, at lahat ng iba pa na huwag pumasok sa pasilidad kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19. Kasama sa mga sintomas ng COVID-19 ang lagnat, panginginig, ubo, igsi ng paghinga, kahirapan sa paghinga, pagkapagod, kalamnan o pananakit ng katawan, sakit ng ulo, kamakailan-lamang na pagkawala ng panlasa o amoy, namamagang lalamunan, kasikipan o sipon, pagduduwal, pagsusuka, o pagtatae.
- d. Kilalanin ang isang silid na paghihiwalay o lugar upang paghiwalayin ang sinumang nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
- e. Anumang mga bata/kabataan o tauhan na nagpapakita ng mga sintomas ay dapat na agad na kailanganing magsuot ng isang panakip sa mukha (kung hindi na nakasuot ng isa) at maghintay sa isang lugar ng paghihiwalay hanggang sa maipadala sila sa bahay o sa isang pasilidad ng healthcare, sa lalong madaling panahon. Para sa malubhang sakit, tumawag sa 9-1-1 nang walang pagkaantala.

10. *Pagsusuri at Pag-report ng COVID-19*

- a. Ang mga programa ay mangangailangan ng mga bata/kabataan at tauhan na magpasuri sa lalong madaling panahon pagkatapos na magkaroon sila ng isa o

higit pang mga sintomas ng COVID-19 o kung ang isa sa kanilang mga miyembro ng sambahayan o mga malapit na hindi nakipag-ugnay sa bahay ay nasuring positibo para sa COVID-19.

- i. Bilang kapalit ng isang negatibong resulta ng pagsusuri, maaaring payagan ng mga Programa ang mga bata/kabataan at tauhan na walang mga sintomas na bumalik sa trabaho/paaralan na may isang sulat na medikal ng isang doktor na nagbibigay ng alternatibong paliwanag para sa mga sintomas at dahilan sa walang pag-uutos ng pagsusuri sa COVID-19.
- b. Kinakailangan ang mga programa ng mga magulang/tagapag-alaga at tauhan na mag-report kaagad sa administrador ng Programa kung ang mga kalahok sa Program o mga tauhan ay nasuring positibo para sa COVID-19 o kung ang isa sa kanilang mga miyembro ng sambahayan o malapit na mga nakipag-ugnay na hindi mula sa kanilang sambahayan ay nasuring positibo para sa COVID-19.
- c. Nakumpirmang (mga) Kaso ng COVID-19:
 - i. Ang sinumang bata/kabataan o tauhan na nalaman na nasuri silang positibo para sa COVID-19 habang sa Programa ay dapat na agad na maghintay sa isang lugar ng paghihiwalay hanggang sa maipadala sila sa bahay o sa isang pasilidad ng healthcare, sa lalong madaling panahon.
 - ii. Dapat agad magpaalam ang mga administrador ng programa sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng Santa Clara ng anumang positibong kaso ng COVID-19 sa pamamagitan ng pag-email sa coronavirus@phd.sccgov.org at pagtawag (408) 885-4214.
 - iii. Dapat magpaalam ang mga administrador ng programa sa lahat ng mga pamilya at tauhan sa komunidad ng paaralan ng anumang positibong kaso ng COVID-19 habang pinapanatili ang pagiging kompidensiyal tulad ng hinihiling ng mga batas ng estado at pederal. (Ang impormasyon tungkol sa magiging kompidensiyal ay maaaring matagpuan [dito](#).)
 - iv. Ang mga lugar na ginagamit ng anumang positibong tao ng COVID-19 ay dapat isara kaagad. Ang mga ganoong lugar ay hindi maaaring buksan muli hanggang sa linisin at disimpektahin. Upang mabawasan ang panganib ng pagkakalantad, maghintay ng 24 na oras bago kayong maglinis at magdisimpekta. Kung hindi posible na maghintay ng 24 na oras, maghintay hangga't maaari. Tiyakin ang isang ligtas at tamang aplikasyon ng mga disimpektante gamit ang personal na kagamitang pang-proteksyon at bentilasyon.
 - v. Bumalik sa Programa:

1. Ang mga indibidwal na may sintomas ay maaaring bumalik 14 na araw pagkatapos ng simula ng sintomas O 7 araw pagkatapos ng paglutas ng lagnat at pagpapabuti sa iba pang mga sintomas, alinman ang mas matagal.
 2. Ang mga indibidwal na walang sintomas na nasuring positibo para sa COVID-19 ay maaaring bumalik 14 na araw pagkatapos ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri.
- d. Malapit na pakikipag-ugnay sa (mga) nakumpirmang kaso ng COVID-19:
- i. Ang lahat ng mga bata/kabataan o tauhan na may malapit na pakikipag-ugnay sa isang positibong tao ng COVID-19 (kasama na ang lahat ng mga miyembro ng isang matatag na pangkat na may positibong tao ng COVID-19) ay dapat na ipauwi sa bahay at inutusan na magpasuri sa COVID-19 at manatiling mag-kuwarantina sa bahay sa loob ng 14 na araw. Isang **malapit na pakikipag-ugnay** ay tinukoy bilang isang tao na nasa loob ng anim na talampakan mula sa taong nasuring positibo nang hindi bababa sa 15 minuto. Dapat silang manatili sa bahay kahit na nasuri silang negatibo, manatili sa kuwarantina para sa isang buong 14 na araw pagkatapos ng (1) petsa ng huling pagkakatapos sa positibong tao ng COVID-19 o (2) kung ang positibong tao ng COVID-19 ay naninirahan sa kanilang sambahayan, ang petsa na ang miyembro ng sambahayan na positibo sa COVID-19 ay nakumpleto ang kanilang paghihiwalay.
- e. Hindi dapat gawin ang mga aksyon para sa mga taong hindi nagkaroon ng direktang pakikipag-ugnay sa isang nakumpirmang kaso ng COVID-19, at sa halip ay nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnay sa mga taong nasa direktang pakikipag-ugnay.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa mga madalas na mga katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa napapanahong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.

Larawan 1. Inirerekumenda ang Pagsubaybay ng Kalusugan para sa mga Estudyante at Kawani

Itanong ang mga tanong na ito. Ang isang tao na sumasagot ng "Oo" sa alinman sa mga tanong na ito ay hindi dapat pahintulatang pumasok sa pasilidad ng paaralan.

1. Sa loob ng huling 14 araw may diagnosis ba kayo ng COVID-19 o nagkaroon ng isang pagsusuring nagpapatunay na mayroon kayong virus?

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng pangangalagang medikal.

2. Nakatira ba kayo sa parehong sambahayan, o nakipag-ugnay ba kayo sa isang tao na sa nakaraang 14 na araw ay naghiwalay para sa COVID-19 o nagkaroon ng pagsusuring nagpapatunay na mayroon silang virus? Malapit na pakikipag-ugnay na mas mababa sa 6 na talampakan para sa 15 minuto o mahigit.

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng pangangalagang medikal at pagsusuri.

3. Mayroon ba kayon isa o higit pa ng mga sintomas na ito ngayon o sa loob ng nakaraang 24 na oras? Ang mga sintomas ba ay bago o hindi ipinaliwanag ng isa pang kadahilanan?

- Lagnat
- Ubo
- Igsi ng paghinga/paghihirap sa paghinga
- Panginginig
- Pagpapawis sa Gabi
- Pananakit ng lalamunan
- Pananakit ng kalamnan/katawan
- Pagkawala ng lasa o amoy
- Pananakit ng ulo
- Pagkalito
- Pagsusuka
- Pagtatae

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng pangangalagang medikal at pagsusuri.

Talahanayang 1. Mga Pamamaran na Gawin sa Tugon sa Nakumpirma o Pinaghihinalang mga Kaso ng COVID-19 at mga Malalapit ng Nakipag-ugnay

Senaryo	Agarang Paggawa	Komunikasyon
<p><u>Senaryong 1:</u> Ang isang bata/kabataan o miyembro ng tauhan ay nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19, sumagot ng "oo" sa isang tanong sa pagsubaybay ng kalusugan, o may temperatura na 100.00 o pataas.</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ang bata/kabataan at tauhan ay pinauwi • Inutusan ang bata/kabataan at tauhan na magpasuri 	<p>Walang kinakailangang gawain</p>
<p><u>Senaryong 2:</u> Ang isang miyembro ng pamilya o isang taong malapit na pakikipag-ugnay ng isang bata/kabataan at miyembro ng tauhan (sa labas ng komunidad ng Program) ay nasuring positibo para sa COVID-19</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ang bata/kabataan at tauhan ay pinauwi • Inutusan ang bata/kabataan at tauhan na magpasuri • Inatasan ang bata/kabataan at tauhan na mag-kuwarantina, kahit na nasuri silang negatibo, sa isang buong 14 araw pagkatapos ng (1) petsa ng huling pagkalantad sa positibong pakikipag-ugnay sa COVID-19 o (2) positibong miyembro ng kanilang sambahayan ng COVID-19 na nakumpleto ang kanilang paghihiwalay • Kung positibo ang pagsusuri ng bata/kabataan o tauhan, tingnan ang Senaryong 3 sa ibaba • Inihayag ang administrasyon ng programa 	<p><i>Para sa Kasangkot na Bata/Kabataan, Pamilya o Miyembro ng Tauhan:</i> Template ng Sulat: Miyembro ng Sambahayan o Malapit na Pakikipag-ugnay Sa Kaso ng COVID-19</p>
<p><u>Senaryong 3:</u> Ang isang bata/kabataan at miyembro ng tauhan ay nasuring positibo para sa COVID-19.</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ang bata/kabataan at tauhan ay pinauwi sa bahay kung hindi pa na-kuwarantina • Inatasan ang bata/kabataan at tauhan na maghiwalay sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng simula ng sintomas O 7 araw pagkatapos ng paglutas ng mga sintomas, alinman ang mas matagal. (Kung walang mga sintomas, maghiwalay ng 14 na araw pagkatapos ng positibong pagsusuri.) • Ang mga malapit na pakikipag-ugnay na batay sa programa ay kinilala at inutusan na magpasuri at mag-kuwarantina sa loob ng 14 na araw <ul style="list-style-type: none"> ○ Sa matatag na mga pangkat sa silid-aralan ng elementarya: buong pangkat ○ Sa iba pang mga lokasyon: gumamit ng talanguhit ng pag-upo, kumunsulta sa guro/kawani • Inihayag ang administrasyon ng programa • Ipa-alam ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan 	<p><i>Para sa Positibong Kaso ng Bata/Kabataan, Pamilya at Tauhan:</i> Template ng Sulat: Kaso ng COVID-19</p> <p><i>Para sa Bata/Kabataan, Pamilya o Miyembro ng Tauhan na kinilala bilang mga Malapit na mga Pakikipag-ugnay:</i> Template ng Sulat: Miyembro ng Sambahayan o Malapit na Pakikipag-ugnay Sa Kaso ng COVID-19</p> <p><i>Para sa Lahat ng Iba pang Bata/Kabataan, Pamilya o Miyembro ng Tauhan:</i></p>

Talahanayang 2. Mga Hakbang na Gawin sa Tugon sa Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Senaryo	Agarang Paggawa	Komunikasyon
Ang isang bata/kabataan at miyembro ng tauhan ay nasuring negatibo para sa COVID-19 pagkatapos ng Senaryong 1 (may mga sintomas)	<ul style="list-style-type: none"> Ang bata/kabataan at tauhan ay maaaring bumalik sa programa ng 72 oras pagkatapos ng paglutas ng lagnat at pagpapabuti sa iba pang mga sintomas 	Bata/kabataan, pamilya o tauhan na magdala ng ebidensya ng negatibong pagsusuri ng COVID-19 o sulat ng medikal kung hindi isinagawa ang pagsusuri
Ang isang bata/kabataan at miyembro ng tauhan ay nasuring negatibo pagkatapos ng Senaryo 2 (malapit na pakikipag-ugnay)	<ul style="list-style-type: none"> Ang bata/kabataan at tauhan ay dapat manatili sa kuwarantina para sa buong 14 araw pagkatapos ng (1) petsa ng huling pagkalantad sa positibong pakikipag-ugnay sa COVID-19 o (2) na petsa na ang COVID-19 na positibong miyembro ng sambahayan ay nakumpleto ang kanilang paghihiwalay 	Walang kinakailangang gawain
Ang isang bata/kabataan at miyembro ng tauhan ay nasuring negatibo pagkatapos ng regular na pagsubaybay na pagsusuri (walang mga sintomas at walang malapit na pakikipag-ugnay sa isang nakumpirmang kaso ng COVID-19)	<ul style="list-style-type: none"> Maaaring bumalik sa programa/trabaho kaagad 	Walang kinakailangang gawain